ANNEX "AA"

Republika ngPilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, si **MARIE TAMAYO**, 46 taong gulang, kasalukuyang nakapiit sa Manila City Jail Female Dormitory, dating nakatira sa 2384 Mercurio St., San Andres Bukid, Maynila, matapos makapanumpa nang naaayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako ang kinakasama ng yumaong si EMILIANO BLANCO na kilala rin sa palayaw na "Jack Lord." Walong (8) taon na kaming nagsasama noong siya ay pinatay noong ika-30 ng Nobyembre, 2016.

2. Si Jack Lord ay tubong San Andres Bukid, Maynila. Siya ay nakapagtapos ng high school at pumasok sa kolehiyo upang maging seaman ngunit hindi na niya natapos ang unang taon ng pag-aaral.

3. Noong gabing ika-30 ng Nobyembre, 2016, magkasama kami ni Jack Lord sa aming bahay. Nakatulog na si Jack Lord ng bandang 7:00 ng gabi dahil pagod siya mula sa trabaho bilang pintor. Ang kanyang pangunahing trabaho ay ang pagiging tricycle driver ngunit minsan ay may mga *sideline* siyang trabaho tulad ng pagiging pintor.

4. Gising pa ako hanggang 9:30 ng gabi dahil nagpapatulog ako noon ng isang pitong-buwang sanggol na nagngangalang "Hannah," ang anak ng aking kaibigan na si Erlinda Baltazar. Kami ay nasa unang palapag ng aming bahay. Kinalaunan ay nakatulog na rin ako.

5. Nagising ako bigla nang may marinig akong malakas na tunog. Pagtingin ko sa may pinto, nakita kong nabuksan ito matapos na ito ay sipain ng isang lalaki para pumasok.

6. Pumasok ang lalaki. Dalawa pang lalaki ang sumunod sa kanya. Silang tatlo ay nakasibilyan –naka-shorts, rubber shoes at T-shirt. May isang naka-itim na may takip sa mukha.

7. Tinanong ko sila, "Sino po kayo? Bakit po?"

8. Hindi nila ako sinagot. Sinabi lang ng lalaki na walang takip sa mukha sa kanyang kasama na may takip sa mukha na, "Yan yung asawa."

9. Nilapitan ko si Jack Lord para gisingin siya. Ngunit bigla na lang akong hinila ng mga lalaki palabas ng bahay. Sabi ko sa kanila, "Sir, teka lang po, yung asawa ko, sandali lang po!" Hindi nila ako sinagot.

10. Dinala nila ako sa loob ng isang kotse. Napansin ko bago ako isakay na may mga dalawampung (20) lalaki na nasa kalsada at paligid. Ang iba sa kanila ay naka-unipormeng pang-pulis.

11. Sa puntong ito ay takot na takot na ako dahil sa mga sunod-sunod na pagpatay sa lugar namin.

12. Tangan-tangan ko ang sanggol na si Hannah sa loob ng kotse. Nasa loob din ng kotse ang nangungupahan sa bahay namin na si Hilario Miravive na may palayaw na "LARRY" at ang aming kapitbahay na si "DIEGA".

13. Tinanong ko ulit ang mga lalaki, "Sir, paano yung asawa ko? sandali lang." Hindi ako sinasagot.

14. Dinala nila kami sa Manila Police District Station 6 sa Sta. Ana, Maynila. Dalawang oras kaming nakaupo lang sa sofa sa presinto.

15. Nakita ko sa presinto si Violy Blanco, pamangkin ni Jack Lord. Sinabi niya sa akin, "Tita, wala na si Tito Jack" Napaiyak na lamang ako sa paghihinagpis.

16. Dinala ako sa loob ng isang opisina doon sa istasyon ng pulis. Tinanong ko ang mga pulis sa presinto, "Bakit po, ano ang kasalanan ng asawa ko? Bakit niyo siya pinatay? Hindi naman siya masamang tao. Bakit ninyo pinatay ang asawa ko?" Walang sumasagot sa akin.

17. Ako ay hinimatay. Nang ako ay magkamalay muli, pinabalik nila ako sa loob ng opisina. Doon, patuloy ako sa pag-iyak.

18. Pagkatapos ay dinala na ako sa loob ng kulungan. Makalipas ang ilang oras ay nagsagawa din ng isang medical examination sa akin.

19. Kinabukasan, bandang 9:00 ng umaga, isinagawa ang inquest. Hindi ko alam kung ang inquest ay para sa pag-aresto sa akin o para sa pagpatay kay Jack Lord. Hindi ko rin alam kung ano ang resulta ng inquest na ito.

20. Simula noon ay nakakulong na ako sa Manila Police Station 6, sa kasong paglabag sa Secs. 5, 11 at 26 ng R.A. No. 9165 na sa aking pagkakaalam ay isinampa sa akin sa Br. 24 RTC Manila.

21. Napag-alaman ko na ang tatlong pumasok sa bahay namin noong gabing iyon ay mga pulis. Ang pangalan ng may takip sa mukha ay "HARRY" habang ang dalawa pa ay may pangalan na "JR" at "IVAN."Nalaman ko ito dahil lagi ko silang nakikita sa presinto kung saan kasalukuyan akong nakakulong.

22. Hanggang ngayon ay sukdulan ang aking kalungkutan dahil sa pagpatay kay Jack Lord. Nalulungkot din ako para sa aking sarili dahil ako ay inaresto at ikinulong nang walang kamuwang-muwang at kasalanan. Ako rin ay puno ng takot para sa aking buhay at kaligtasan dahil ang nagkulong at nagsampa ng kaso laban sa akin ay ang mga pulis na siya ring pumatay sa kinakasama kong si Jack Lord.

23. Pansamantala ay wala muna akong sasabihin.

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong 04 SEP 2017 sa _____.

M. Tamayo
MARIE TAMAYO
Lagda